

REKOMENDADONG BARAYTI NG HYBRID AT INBRED NA PALAY PARA SA CALABARZON



HYBRID

- NSIC Rc 412H (LP 205)
- NSIC Rc 204H (Mestizo 20)
- NSIC Rc176H (Pioneer 73)
- NSIC Rc350H (Th82)
- NSIC Rc494H (Bugante Plus)



INBRED

- NSIC Rc216
- NSIC Rc218
- NSIC Rc402
- NSIC Rc480
- PSB Rc18
- NSIC Rc



Hinihikayat ng Kagawaran ng Pagsasaka Rehiyon IV- CALABARZON ang pagtatanim ng magandang uri ng binhi gaya ng hybrid, inbred at certified seeds upang mas tumaas ang ani at kita ng mga magpapalay sa pamamagitan ng paghahatid ng tamang impormasyon at pamamahagi ng makinang pangsaka, libreng binhi, at abono.

Mainam na mula sa mga akreditadong magbibinhi ang gamitin sa palayan.



DEPARTMENT OF AGRICULTURE IV-CALABARZON
LIPA AGRICULTURAL RESEARCH AND EXPERIMENT
STATION (LARES) BRGY. MARAOUY, LIPA CITY,
BATANGAS

REGIONAL AGRICULTURE AND
FISHERIES INFORMATION SECTION
2022

 DA4CALABARZON

 rafis@calabarzon.da.gov.ph

 www.calabarzon.da.gov.ph

 DEPARTMENT OF AGRICULTURE REGION IV-A



HYBRID at INBRED NA PALAY

ANO ANG HYBRID NA PALAY?

Ang *hybrid* na barayti ng palay ay bunga ng unang henerasyon ng paglalahi ng dalawang barayti ng palay na nagtataglay ng pinakamahuhusay na mga katangian.

Nabubuo ito sa pamamagitan ng paglaglag ng *pollen* mula sa bulaklak ng isang barayti ng palay o *pollen* parent mula sa *stigma* ng bulaklak ng ibang barayti or *seed parent*.



KATANGIAN NG F1 HYBRID NA PALAY

- ✓ Mas mahahaba at makakapal ang ugat
- ✓ Mas maaga at mabilis ang pagsusuwi
- ✓ Mas malalaki at mabibigat ang uhay
- ✓ Mula sa hybrid na barayti, ang ani ay hindi na magandang gamiting binhi dahil sa nawalang *heterosis* o lakas ng *hybrid*. Ang lakas-*hybrid* ang nagpaparami ng mga butil sa bawat uhay na nagpapataas ng ani



- ✓ Mas rekomendado sa mga palayang may patubig; may angkop din na *hybrid* sa tag-araw at/o sa tag-ulan.
- ✓ Halimbawa ng mga hybrid na barayti: *Mestizo 1*, *Mestizo 19*, at *Mestizo 20*.

ANO ANG INBRED NA PALAY?

Ang mga ito ay may bulaklak ng palay na pambabae at panlalaki na nagbibigay-daan sa pagbuo ng butil sa pamamagitan ng paglaglag ng *pollen* sa *stigma* ng iisang halaman.

Ang *inbred* na barayti ay nalinang sa pamamagitan ng masusing pagpili ng halamang may mga mahuhusay na katangian hanggang makapili ng puro at *stable line*, at pumasa sa *National Cooperative Tests*.



KATANGIAN NG INBRED NA PALAY

- ✓ Ito ay puro at maaaring itanim nang paulit-ulit. Magsagawa na lamang ng regular na pag-aalis ng halo at iba pang pamantayan sa pagbibinhi.
- ✓ Maaaring itanim sa kahit anong panahon at kundisyon ng lupa base sa rekomendasyon nito.

Mga klase ng buto:

- **Breeder Seeds (BS)** – Maituturing na bagong barayti ng buto na may pinakamataas na purity. Ito ay ginagawa at direktang nagmumula sa mga breeders o kanilang mga institusyon para sa pagpaparami pa nito.
- **Foundation Seeds (FS)** – Ito ay supling ng breeder seeds kung saan ginagawa ito ng mga sinanay na opisyal mula sa mga agrikultural na istasyon na sumusunod sa regulated national standards. Pinapanatili ang *genetic purity* at pagkakakilanlan ng *variety* nito.

- **Registered Seeds (RS)** – ito ay supling ng foundation seed na pinapalaki ng mga piling magsasaka at pinapanatili rin ang *genetic purity* at *identity* nito. Sumailalim ito sa mga inspeksyon upang masiguro ang pagkakatulad nito sa *standards*.
- **Certified Seeds (CS)** – ito ay supling ng *foundation, registered, o certified seeds* na pinapanatili ang *sufficient varietal identity* at *purity* nito. Pinalalaki ito ng mga piling magsasaka sa ilalim ng nararapat na kondisyon at isolation, at sumasailalim din sa mga inspeksyon bago maaprubahan ng *certifying agency*. Ginagamit ito sa komersyal na pagtatanim.

Halimbawa ng mga *inbred*: *NSIC Rc222*, *Rc216*, at *Rc160*



ILAN PANG PAGKAKAIBA NG HYBRID AT INBRED NA PALAY



HYBRID

Rekomendadong dami ng binhi kada ektarya

15-18 kilo

Dami ng butil

mahigit 250 kada uhay



INBRED

20-40 kilo

mahigit 150 kada uhay